**Ang tunay na búhay ni P. Dr. José Burgos at nang manḡa nacasama niya na sina P. Jacinto Zamora, P. Mariano Gómez at ang nadayang Miguel Zaldua / sinulat ni Honorio López**

López, Honorio.

Maynila : Imp. ni J. Martinez, 1912.

https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001

**Public Domain in the United States**

http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

We have determined this work to be in the public domain in the United States of America. It may not be in the public domain in other countries. Copies are provided as a preservation service. Particularly outside of the United States, persons receiving copies should make appropriate efforts to determine the copyright status of the work in their country and use the work accordingly. It is possible that current copyright holders, heirs or the estate of the authors of individual portions of the work, such as illustrations or photographs, assert copyrights over these portions. Depending on the nature of subsequent use that is made, additional rights may need to be obtained independently of anything we can address.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

# IMPRENTA, LIBRERIA AT PAPELERIA NI J. MARTINEZ

*Plaza Moraga blg. 34 at 36, Calderón de la Barca blg: 263 at Estraude blg. 5.—Binundok.*

Ipinagbibili sa **LIBRERIANG** ito ang mga sumusunod na aklat sa uikang tagalog:

Buhay ni Aladino.
„ „ Alejandre at D. Luis.
„ „ Almanzor.
„ „ Baldobino.
„ „ Beatriz.
„ „ Beata María.
„ „ Bernardo Carpio.
„ „ Bertong laseng.
„ „ Blanca Flor.
„ „ Cabayong Tabla.
„ „ Celira.
„ „ Conde Urbano.
„ „ Constancio at Urbacio.
„ „ Cricelda.
„ „ Dama Inés.
„ „ D.ª Marcela.
„ „ D.ª M.ª sa Ahas.
„ „ Doce Pares.
„ „ Dr José RIZAL.
„ „ Dr. José Burgos.
„ „ D. Diego at D.ª Juana
„ „ Edmundo.
„ „ Eliseo at ni Feliza.
„ „ Eliseo at Hortensio.
„ „ Esopo.
„ „ Felizardo.
„ „ Fieles Amantes.
„ „ Florante at Laura.
„ „ Florentina.
„ „ Floriño.
„ „ Gonzalo de Córdova.
„ „ Gunlás.
„ „ Haring Asuero.
„ „ „ Calabaza.
„ „ „ Saul at David.
„ „ „ Salomón.
„ „ Ibong Adarna.
„ „ Isabela.

Buhay ni Jacobina.
„ „ Jaime del Prado.
„ „ José Flores.
„ „ José Vendido.
„ „ Juan Bachiller.
„ „ Juan at María.
„ „ Juan Patáy.
„ „ Juan Tiñoso.
„ „ Julieta at Romeo.
„ „ Leopoldo
„ „ Ludovico.
„ „ Landás na Tuntunin.
„ „ Ligaya sa Langit at Mundo.
„ „ María Alimango.
„ „ Manrique
„ „ María Magdalena.
„ „ Ntra. Sra. de Antipolo.
„ „ Pantinople.
„ „ Principe Gimeno.
„ „ „ Orontis.
„ „ „ Igmidio.
„ „ „ Oliveros.
„ „ Pitóng Infantes de Lara.
„ „ Proceso.
„ „ Reina Mora.
„ „ Rodolfo.
„ „ Rodrigo de Villas.
„ „ San Alejo.
„ „ Santa Ana.
„ „ „ Eulalia.
„ „ „ Isabel.
„ „ „ Regina.
„ „ Segismundo.
„ „ Tablante de Ricamonte
„ „ Tatlong Número.
„ „ Tomás at Maria.
„ „ Totoo at Sinungaling
„ „ Ulirán ng Cabaitan.
„ „ Urbana at ni Feliza.
„ „ Villarba.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

# ANG TUNAY NA BÚHAY

NI



# P. Dr. JOSÉ BURGOS

AT NG̃ CANIYANG MG̃A NACASAMA.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

# ANG TUNAY NA BÚHAY

NI

# P. Dr. JOSÉ BURGOS

## at nang mañga nacasama niya ña sina P. Jacinto Zamora, P. Mariano Gómez at ang nadayang Miguel Zaldua.

SINULAT NI

HONORIO LÓPEZ

Periodistang tagalog, Director artístico sa *Kapisanan* nang mañga autores lírico-dramático *La Juventud Filipina* at Autor nang maraming casulatan: Kalendario, istoria, biografía, etc., etc.

ICALAUÁNG PAGCAHAYAG.

MAYNILA: 1912.

IMPRENTA, LIBRERIA AT PAPELERIA

NI

J. MARTINEZ.

*Plaza Moraga 34-36, Plaza Calderón 108 at Estraude 7.-Binundok.*

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Aring tunay ng̃ *Libreria ni J. Martinez*, at ualang macapagpapalimbág cung uala siyang capahintulután.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

# Ang ala-alang handóg

*Sa cay P. Dr. José Burgos (30 taón), P. Jacinto Zamora (35 taón), P. Mariano Gómez (85 taón) at sa nadamay na si Miguel Zaldua, lubós na dinaya nang mañga fraile, inihahandóg co itong abang ala-ala, sa canilang pagcamatay sa bibitayáng itinayó sa pooc nang Espaldon ó Bagumbayan nang icá 28 nang Febrero nang 1872.*

*HONORIO LÓPEZ.*

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN



P. Dr. JOSÉ BURGOS.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

**Sa manḡa nanasang liyag.**

# PASIMULA

Sa tapát nḡ nasang namuco sa dibdib,
tapát na pagsintang namahay sa isip
na maipahayag canilang sinapit,
tanang guni-guni'y linupig na tiquís.

Cusang pinatuloy tumiim sa hagap
ang pinanghauacan ang nanasang liag
may ganáp na baít camahalang ingat,
macapagpupuno sa caculanḡang lahat.

Ito nḡa't hindi iba tunay dinaanan
nḡ canilang «búhay» sa Mundong ibabao,
na cusang natapos sa abang bitayan,
sa pagsintang lubós sa tinubuang bayan.

Sila't hindi iba mḡa sacsing tapat,
unang «monumento» nḡ pagpapahamac
niyong mḡa fraile sa cainguitang caguiat
nḡ dunong at yaman tubong Filipinas.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Sila namang tunay ang unang larauan
na dapat tularan nating calahatan
sa pag-uusig nga ng caguinhauahan
nitong ating bayang lagui sa ligamgam.

Caya ang marapat, oh mg̃a capatid:
silang mg̃a «Martir» alalahaning tiquís,
huag lilimutin laguing isa-isip
alang-alang baga sa mg̃a sinapit.

Gayon din naman sa cailan pa man
dapat casuclaman.... mg̃a fraileng tanan
na nagcucunuari «Ministrong» marangal
«ng̃ Dios na Poon», bago'y mg̃a hunghang.

Caya ang mabuti ay tularang lubós
mg̃a halimbaua ni na Padre Burgos,
Gómez at Zamora na pauang tagalog
sa tinubuang bayan marunong umirog.

Sa baua't may nasang ibig na bumatid
ng̃ canilang búhay tunay na sinapit
basahing tuluyan pagtiagaang tiquís
cusang ipatuloy itong natititic.

Bahala na sana inyong camahalan
mag lapat nang ganap sa labis at culang
sa baua't talatang inyong matagpuan
uari'y nalilihis doon sa catuiran.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nguni't ang samo co bago mo punahín
ang lihís sa uari, maiguing liningin
maca ca sacali naman na malinsil
sa daang casamaan malagos na tambing.

Cung magcacagayon ang pasasalamat
sa camahalan mo aquing iguinagauad
at mag-utos naman sa lahat nang oras
sa laang capatid na casuyong tapat.

**Honorio López.**

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

# ANG TUNAY NA BÚHAY

NI

# Dr. JOSÉ BURGOS, Pbro.

AT NANG MANG̃A CASAMA.

## PÚNO NANG SALITÁ

Sa bayan ng̃ Vigan daraquilang ciudad
Fernandinang sacdál sagana sa galác
sa buong Iloco na ualang catulad
doon naguing tauo si Burgos na hayág.

Taóng isang libo ualong daang tunay
apat na puo't dalua siyang cabilangan
nang siya'y ianác nang ináng hinirang
may tacot sa Dios, mabuting magmahal.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001 / Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Siya'y na-uucol sa isang «familia»
na iguinagalang natatangi baga
sa buting ugali at gauang maganda
sa ciudad na yaong mayaman sa sayá.

Mulang camusmusan nitong ating Burgos
sa bait na taglay uala nang aayos
gayon din sa talas nang isip na impóc,
caya't maaga siyang pinaturuang lubós.

Hindi nalaunan caniyang pag-aaral
naisipan ñgani nang mñga magulang
dito sa Maynila iluas na tunay
upang pag-aralin sa San Juan de Letran.

Caya iniluas itinuloy muna
sa bahay nang canyang tióng sinisinta
teniente práctico nang artilleria
Juan Antonio Aelle ang pañgalan baga.

Siya'y itinirá na hindi naluatan
sa Letrang colegio, ang nacacabagay
ay duc-hang ulila sa mñga magulang,
sa loob nang Dios tinangap din naman.

Sisiyám na taón cabilañgang edad
nang siya'y parito at masoc na cagyat
sa colegiong yaong hinahañgad-hañgad
nang caniyang budhi at loob na ingat.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Doon nḡa nag-aral na hindi nagtahan
hangan sa sinapit at cusang nacamtan
ang gradong "bachiller" gayong pag-aaral
sa "artes" nahayág ang siyang panḡalan.

Nang ito'y macamtan nitong Burgos natin
gumising sa caniyang puso ang tunḡuhin
yaong "Pagpapari Sacerdociong" tambing
sa "eclesiásticong carrerang" mahinhin.

At hindi na niya tinuloy na lubós
"carrerang derechong" sinisintang puspus
nang mḡa magulang, ang cusang sinunod
ang buco nang dibdib gumising sa loob.

Caya nḡa't pagdaca ay pinag-aralan
Teologiang mahal sa isang maalam
na fray Ceferino Gonzalez ang nḡalan
na hindi nalaon ay naguing Cardenal.

Dito na tinamó yaong mantong azúl
at belang mapula na ualang caucol,
caya ang caniyang familia nḡa noon
ang toua nang dibdib ay hindi gagayon.

Madali't salita nang ito'y malaman
na sa Pagpapari ang pag-aaralan
nang caniyang magulang cusang binayaan
tanang hanap buhay sa ciudad nang Vigan.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001 / Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Dito sa Maynila sila'y tumahan na
dahil sa pagsunod sa anác na sinta
na di man nangyari caibigán nila
ano mang pamanhic di nangyari baga.

Ang luhang tumulo sa mañga magulang
hindi man pinansin at pinagpilitan
ang hilig ñga niya na mag-paring tunay
Ministro nang Dios sa lupang ibabao.

Baga ma't gayon ang nangyaring lubós
pag-ibig nang Ama'y lumalalong puspos
sa naquiquita niya't napapanuod
sa caniyang anác carunungang impóc.

Mula sa hindi ñga na nahuhulog man
sa tanang "exameng" pinagdadaanan,
at caya't baga man may lungcot na taglay
ang galác sa puso'y siyang gumiguitao.

Gayong pag-aaral ay hindi nagluat
"órdenes menores" ay quinamtang cagyat
caya lalo na ñga ang "familiang" lahat
toua'y mago't mago sa dibdib namugad.

Ñguni't uala pa siya na apat na buan
ñg pagca tangap niya ñg "órden" quinamtan
nagcaroon nang gulo sa tinatahanan
Colegio nang Letran sa fraileng casaman.

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN
Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Mula baga ito sa pagpapasunod
"sa mḡa colegial" pauang filipinos
nang mḡa Fraileng sa samá ay supot
nḡ mḡa *abuso* at gauang pag-ayop.

Caya nacaisip ang tanang Colegial
gayong pag-aalsá sa pacanáng tunay
binabago nila ang caugalian
na dating paquita sa canilang tanan.

Oras nḡ hapunan nḡ mangyari ito
na aquing sinabi na pagcacaguló
caya ang guinaua nḡ Fraileng panḡulo
sa justiciang bayan ay napasaclolo.

Dahil sa marami ang Fraileng nasactan
may balí ang butó at may nasugatan;
caya yaong habla umano sila rao
ibig na patain nang tanang colegial.

Naparatanḡan pa na naguing panḡulo
itong ating Burgos sa nangyaring guló,
datapua uala rin naguing hanga ito
cundi ang pasia iuan ang Colegio.

Silang calahatan paalisin lamang
sa Colegiong yaon sa iba'y mag-aral
nḡuni't di nangyari pagca silang tanang
sa mḡa Fraile curang namanhican.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Dahil sa marami di nacatapos pa
ng̃ canicanilang tung̃uhing carrera
caya't napilitan nagtiis din sila
sa mg̃a pasunód ng̃ Fraileng lahat na.

Lalong lalo na ng̃a itong ating Burgos
dahil sa *Derecho Cómicong* lubos
siya'y hindi pa na nacacatapos
caya nagtiaga rin sa iba'y umayos.

Hindi rin naluatan ang pagca *Decano*
sa laong panahón cusa ring tinamó
sa aua ng̃ Dios at dusang totoo
na tinitiis niya sa Fraileng abuso.

Caya di nalaon siya ay lumipat
ng̃ hindi na siya tumagal sa hirap
sa mg̃a pasunod niyong Fraileng lahat
Colegiong S. José, ang tinung̃ong agad.

Ang namamatnugot sa colegiong itó
ang quilalang doctor si Padre Mariano
García ang caniyang dalang apellido
tunay na tagalog tauong filipino.

Nang siya'y matira at dito mag-aral
ay hindi nagtagal siya'y inordinan
nang pagca «Diácono» gayong cabataan
mulá sa talino nang isip na tagláy.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Hindi nacaraan ang ilang panahón
sa madaling sabi nama,i, nagcataon
nagcaron nang isang noong "oposición"
sa tanang Diácono mag "cura" ang layon.

Noon ay "vacante" yaong catungculan
segundo curato sa sagrariong mahal
nang bunying S. Pedro balitang Catedral
sa sangcapuluan nang Maynilang bayan.

Sa guinauang ito: "oposicióng" tiquís
nanguna sa lahat si Burgos na ibig,
caya tinamó niya sa talas nang isip
gayong "Pagcucurang" caloob nang Langit.

Ang tungcol na ito hindi matatamó
nang sino't alin mang cahit may "empeño",
cungdi ang may taglay pagca Presbítero
ay siyang marapat na magcamit nito.

Nguni at sa dunong nitong ating Burgos
baga ma't Diácono ay quinamtang lubós
palibhasa dising naasa sa Dios
matalinong lubha maganda ang loob.

Maca ilang buan ay quinamtang cagyat
pagca licenciado sa bunying «faculcad»
niyaong filosofía sa gayong capahat,
gayong pag-aaral na lubhang mahirap.



Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Hindi nacaraan ang malaong arao
nahalal na mulí siya,i, maguing "fiscal"
sa "juzgadong" sacdal "eclesiásticong" hirang
at sa "ceremonias" ay "maestro" din naman.

Ito ay caloob nang daquilang Rector
sa Sto. Tomás nḡa, mula sa di gayong
carunungan niya na ualang caucol
na napagquiquita nang tanang naroon

Nang ito'y matamó dito na nagcamit
nang danḡal na lalong ualang cahulilip
caya ang bala na nḡa nagalang na tiquis
baga ma't matanda't caniyang cauanḡis.

Ang boong Maynila dito na nagtaca
sa dunong na inḡat ualang macapara
nitong ating Burgos na caaya-aya
pati ng ugali at loob na dalá.

Di pa nagluluat ang panahong ito
nḡ caniyang pagtangap nḡ lahat nḡ «grado»,
ano't nagcataon sa Españang reino
nagcaron nḡ isang malaqui nḡang gulo.

Ito'y noong taóng isang libong ganap
ualong daan anim na puo't ualong singcad
buan nḡ Septiembre sa istoriang saad
nḡ ito'y mangyari caguluhang cagyat.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Dalauang binata ang naguing pangulo
na taga Maynila, Manuel at Antonio
Regidor ang ngalan sa nangyaring gulo
sa bayang España niyaong unang daco.

Caguluhang ito ay ualang ano man,
na hindi nga gulo ng pagpapatayan,
cung di isa lamang na pag-uusapan
ng Fraile't Tagalog sa Gobiernong mahal.

Pagtatalong ito ay di nai-iba
cung di yaong gustó nito ngang dalaua
ang magcaron dito mabuting reforma
ng pamamahala tayong lahat baga.

Ang tanang clérigo, ang dapat nga lamang
mag cura sa lahat mga bayan bayan
nitong Filipinas, at magcaron naman
ng representación de Cortes ang ngalan.

At cusang baguhin, pag-ayusing cagyat
ang escuelang bayan at colegiong lahat,
at ito'y ibigay ang siyang marapat
sa Paring tagalog tubong Filipinas.

Ang gayong usapín ay lumaquing tunay
ang lahat nang Fraile'y pauang naguluhan,
caya't napilitang sila ay naghalal
ng Procuradores na Fraile rin naman.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Si Fray José Checa at Fray Joaquin Coria
ang naguing defensor taga usig baga
nḡ usapíng ito sa dalaua'y habla
na taga Maynila sa baya'y may sinta.

Sa lahat nḡ «diario» ang usapíng ito
sa Corte nḡ Madrid nalagdang totoo't
pauang naaayon tanang artículo
sa tanang tagalog, Fraile siyang talo.

Baquit ang isa pa naquiayong tunay
isang tubo rito na naguing general
D. José Orosco Zuñiga ang nḡalan
at iba pa nḡani na may catungculan.

Na sina D. Juan Záenz de Vismanos (1)
José Ochoteco (2), Rafael (3) na bantog
García López nḡani ang pangalang lubós
nḡ mḡa nag-usig na pauang tagalog.

Sa pagtulong nito na lubhang malihim,
ang lahat nḡ Fraile ay di napatiguil,
lalong inululan nḡ galit na tambing
sa dalauang ito na Regidor natin.

---

(1) Isang mayaman.
(2) Coronel.
(3) Naguing alcalde sa Kagayan.

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN · Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN
Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Lalong lalo na nĝa nĝ sila'y lantacan
sa diariong «Discución» (1) halos arao arao
nĝ binatang Manuel, Fraileng calahatan
lalong nanĝag-usig panalo'y macamtan.

Dito na si Burgos cusang sumulat na
ilang «artículong» casagutan baga
sa lagdang sinulat nĝ Fraileng si Coriang
naquiquipagtalo mag-uagui ang pita.

Sa usapíng ito nĝ cusang malaman,
ang ating si Burgos dito ay capisan,
ang lahat nĝ Fraile lubós nĝ tumahan,
tinimpi sa loob yaong cagalitan.

Dito na umusbong sa canilang dibdib
si José Burgos nĝa ay sinumpang tiquís
at paghigantihan gauan niyaong pangit
lihim na pacaná na asal balauis.

Baga ma't gayon na ay cusang tumiguil
ang lahat nĝ Fraile sa gayong usapín,
di rin naampat at napatuloy rin
sapagca't tumauid sa lupain natin.

---

(1) Periódicong castila na inihayag sa Madrid.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Sa boong lauigan nitong Filipinas
caguluhang ito cusang lumaganap
dahil sa ang lahat na Fraileng dulingás
ay pauang nagbago ng̃ ugaling ing̃at.

Yaong pang̃ang̃amcam siyang natutuhan
nang lupa at buquid sa catagaluga't
cusang pataasin ang dating cabuisan
ng̃ mg̃a hacienda na atin di't tunay.

Caya siyang mula ng̃ panghihimagsíc
niyaong si Eduardo Camerinong sulit
na taga Caviteng nahalal na tiquís
pang̃ulo sa hocbo na pauang nilupig.

Isa pang casama ni Eduardong hirang
ay yaong si Luis Parang ang pang̃alan
na siyang namuno sa bayan ng̃ Tang̃uay
ng̃ paghihimagsic sa Fraileng sucaban.

Ang bayan ng̃ Imus noo'y gulonguló
sapagca't nacuha nitong si Eduardo
caya't ng̃ mahuli ang dalauang "lego"
sa "casa hacienda" binitay ng̃a nito.

Ng̃ ito'y matanto ng̃ bunying general
nagulo ang diua caya't naisipan
tumauag ng̃ pulong sa lahat ng̃ mahal
na mg̃a tagalog ng̃ ito'y mahusay.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Pagca't yaong guló lubhang malaqui na
di na naapula ano mang gauin niya,
hangang sa inabot ang «casa hacienda»
sinilabang tunay ng̃ nag si pag alsá.

Caya naisipan ng̃ upang tumahan
caguluhang ito nasabing general,
ang tanang tagalog na may carunungan
at caunting yaman bigyang catungculan.

Caya ng̃a't inipon si Roxas, Vismanos,
Ascarraga't Tuáson, González na lubós,
Padilla't Esquivel, si Calderóng bantog
saca si Icasa pauang filipinos.

Sila hindi iba ay cusang nahalal
«vocales civiles» na puno sa bayan,
saca nga sinunod ang ilang cabanghay
niyong cay Regidor «reformas» na tanan.

Dito na naghalal sa corte ng̃ Madrid
ng̃ isang Comisión sa nag-uusig
nitong si Regidor na di naiidlip
tayong calahatan mapaiguing tiquís.

Caya ang Ministro de Ultramar noon
ay siyang namuno gayong pagpupulong,
at ang mg̃a vocal sa ganitong layon
mg̃a generales na ualang caucol.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001 / Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Na sina Orosco, Saportillang tunay
Gandara at sina Ochoteco naman,
Coballes na pauang coroneles lamang
Rodriguez, Bona't Pillon iba pang capisan.

Ang pulong na ito pauang nag caisa
at pinaayunan ang tanang "reforma"
nitong si Regidor na capisan nila
gayong pag-uusap sa guinauang junta.

Caya ng̃ matapos itong pag-uusap
dito sa Maynila'y pinahatid agad
niyaong capulung̃an sa Madrid na hayag
ang naguing pasiya ng̃ upang malutas.

Ng̃uni sa samá din ng̃ pamamahala
ng̃ Gobierno rito'y isinalamuha
sa "junta" ng̃a rito yaong fraileng madla
uala ng̃ inimbot cundi ang masamá.

Dina naalala itong ating Burgos
doo'y isinama't cusang inilahóc
caya sa uala rin dito'y napanuod
na "caliuanagan" tanang filipinos.

Sa gayong nangyari yaong caguluhan
dito sa Maynila, Bulacan at Tang̃uay
Silang̃a't iba pang mg̃a lalauigan
ay lalong lumubha apuy ang cabagay.

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN
Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Ang manga pinuno't tanang autoridad
dito sa Maynila'y nagulong cagyat
caya napatulong sa loob na tapat
ng mga tagalog may dunong na ingat.

Ng upang maampat cusang mapatiguil
caguluhang ito na ualang cahambing
caya sinunod na ang lahat ng hilíng
ng tanang tagalog may dunong na tambing.

Si Padre Gómez nga ang siyang guinaua
comisióng nahalal cusang papayapa
sa cay Camerino na naghimagsic nga,
sa bayan ng Tanguay, Imus na daquila.

Ng ito'y parunan niyaong Padre Gómez
ay hindi nalaon ang paghihimagsic,
dahil sa pangaco ng autoridades
sa tanang tagalog na nag-alsang tiquís.

Caya ang "tratado" biglang pinirmahan
sa bayang Navotas ng bunying general
sa pinamansagang balitang tulisan
na si Camerino at si Luis Parang.

Ang lahat ng Fraile noo'y nangag-galác
pagca't napayapa caguluhang cagyat,
at tanang «hacienda» nilang ini-ingat,
ay muling babalic na di magluluat.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Baga ma't sila'y cusang nagastahan
nag-gugol ng̃ pilac na hindi mabilang,
di na alumana humusay nga lamang
lacad ng̃ panahong mang̃a caguluhan.

Ang general noong balitang D. Cárlos
de la Torre ng̃ani ang pang̃alang lubós
na naguing mabuti sa mang̃a tagalog
at sa tanang Fraileng nag-asal balaquiot.

Nabalita naman sa panahong yaon
ang ating si Gómez cura sa Bacoor
dahil sa guinaua at pag dedefensor
sa tanang tagalog na piniit noon.

At gayon din naman sa pagpapahusay
sa nangyaringguló sa bayan ng̃ Tang̃uay,
caya yaong puri at uagás na dang̃al
ay tinamó niya sa catagalugan.

Dahil sa mahiguit na tatlong libong ganap
ang napi-it noon tagalog na lahat
na napacaualan cay Gómez nagbuhat
sa cárcel ng̃ dusa na dilang bagabag.

At pati ni Parang sampuo ni Eduardo
cusa ring nagcamit ng̃ mabuting trato
sa mang̃a castila tumirá pa rito
sa bayang Maalat may «pencióng» totoo.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Saca sinunod pa ang pinag-usapan
niyaong caayusang magcura sa bayan
at yaong "reforma" niyaong pag-aaral
ay pinaghusay din na hindi naluatan.

Nagcaroon pa noon ng carrera civil
lahat ng tagalog may dunong na tambing
caya si Vivencio del Rosario natin
sa Lagunang bayan ay nag alcalde rin.

At si D. Mariano Villafranca naman
sa bayang Misamis alcaldeng nahalal
na pauang tagalog may dunong na taglay
nagcamit ng tungcol sa cacastilaan.

Nagcaroon pa rito ng mga Jueces
pauang filipino't manga Relatores,
at lahat pa disin ng mga napiit
dito nacauala't cusang nacaalis.

Pinatiguil pa nga ang pag-eembargo
sa tanang lupain ng naramay rito,
at pinagalang pa manga bahay dito
sa tanang justicia nagalang totoo.

Sa madali't sabi ating pagbalican:
ang cusang sinapit nitong si Luis Parang
sampuo ni Eduardo Camerinong hirang
niyaong macaraan yaong ilang arao.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Pagca't di nalaon sila ay piniit
pinatay sa bitay, sa namucong galit
sa dibdib ng̃ tanang Fraileng mg̃a ganid
uala ng̃ inimbot cung di gauang pang̃it.

Sila'y nag-gasta rin ng̃ lubhang malihim
sa general ditong lumabo ang ting̃in
sa saganang pilac canilang inyahin
mapapatay lamang dalauang butihin.

Naualang halaga ang pinag-usapan
tratadong guinaua sa Malabóng bayan
at cusang naniniig lubos na guinitao
pagting̃in sa yaman nasabing general.

Nagng̃it-ng̃it na naman ng̃ ito'y matalós
ang lahat ng̃ dibdib ng̃ mg̃a tagalog,
ng̃uni't sa uala rin dito ay inabot
caguluhan baga gaya ng̃ natapus.

Sa panahóng ito siyang pagcacamit
nitong ating Burgos «ordeng» ninanais
niyaong Pagcapari sa tañang tiniis
mang̃a cahirapan na ualang cauang̃is.

Hindi ng̃a nalaon na nagcantamisa,
sa ating Catedral nahalal na cura,
at siyang pagtamó ng̃ mahal na «borla»
niyaong pagca "Doctor" sa Santa Teología.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Saca sa Derecho Canónicong mahal
ay gayon din naman "Doctor" na mahusay
caya sa Tribunal ng̃ exameng tunay
naquiquialam na sa colegiong tanan.

Caya bala noong ibig na cumuha
magcamit ng̃ grado sa facultad baga
sa Santa Teologia't bunying Filosofía
at sa Canónico daraan sa caniya.

Sapagca't ng̃a siya nahalal na cagyat
na "Examinador" at una sa lahat
cusang "eexamen" estudiong facultad
na sino ma't aling ibig macalabas.

Sa caniyang pagsunod sa tungcol na dala
naguing masamá siya sa fraileng lahat na;
datapua gayon man di cumibo sila
uari hindi pansin tanang naquiquita.

Cusang nagsaloob higantihan lamang
putulin ang gayong manga cahigpitan
ng̃ pag-eexamen sa sino't alin man
sa Fraileng capua lipós ng̃ casam-an.

Caya ang nangyari ng̃ lumubhang tiquís
yaong pag ng̃ing̃itng̃it cay Burgos na ibig
dito na ang lahat; ang Fraile'y lumupít
sa Paring tagalog na casanib-sanib.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nḡ ito'y malaman nitong Burgos natin
lahat nḡ capua ay inipong tambing
pinaquipagtalo lahat nḡ inilíng
na Paring tagalog nḡ Fraileng butihin.

Sa nangyaring ito, dito na inusig
sa Arzobispado ang leyes ni Moret
ay sundin totoo pagca't nátititic
sa pinag-usapan, ito'y susunding pilit.

Nḡ ito'y matanto nḡ fraileng si Roxas
Cornejo, Ariaga, Cabrerang dulinḡás,
Pardo, Gala't ibang lumahóc na cagyat
si Padre Burgos nḡa cusang pinaghanap.

At ipinaglaban canilang catuiran
cahit nalilicó sa magandang daan;
nḡuni't sa uala rin silang hinanganan
cung di yaong hiyá na ualang cabagay.

Sapagca't nḡa sila'y nanḡabilangó pa,
ang canilang ari enembargong sadiya
sa nangyaring ito na usapín nila
sa bunying Juzgado Eclesiástico baga.

Nḡ ito'y masapit nilang calahatan
sila'y nacaisip pasaclolong tunay
sa cay P. Burgos at paquiusapan,
nḡ sa pagcapiit macalabas lamang.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Gayon din ang tanang mang̃a Presbítero
na pauang linupig mang̃a fraileng ito
sampuo niyaong ibang mang̃a filipino,
cay P. Burgos din ay napasaclolo.

Sa nangyaring ito itong ating Burgos
hindi nagmalaqui't pinaquingang lubós,
ang sa tanang Fraile at mang̃a tagalog
mang̃a paquiusap sa gayong inabot.

Siya ng̃a'y naggugol lubos nagcagasta
na hindi sining̃il capaguran niya,
sa fraile't tagalog ng̃ macamtan nila
ang pagcacauala sa cárcel ng̃ dusa.

Itong si Fray Galan recoletong hirang
si Fray Ariaga franciscano naman
at si Fray Cornejo Domenicong tunay:
si Padre Burgos ng̃a siyang nagsangalang.

Sila'y napabalic at cusang nagcura
sa bayang tagalog dating lagay nila
at ang ari nila na enembago baga
ay cusang nagbalic na caracaraca.

Sa panahóng ito lubos nagcaroon din
ng̃ isang sumbong ng̃a taga S. Rafael
sacop ng̃ Bulacan mula baga't dahil
sa canilang cura na nag-asal suail.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Caya ang guinaua dagling pinatauag
ni Padre Burgos nga't inaralang cagyat
na sa uli't uli ang guinauang lahat
huag ng gagauin sapagca't di tapat.

Ito hindi iba ay si Fray Antonio
Piernavieja ngani bunying agustino
totoong nasinsay, cusang umabuso
sa ipinag-uutos ng Eclesiástico.

Macaraan ito ay hindi naluatan
sa corte ng Madrid may isang lumitao
diariong casang-ayon ng catagalugan
«Eco Filipino» ang siyang pangalan.

Dito nga si Burgos ay cusang tumulong
naggugol ng yaman at sampuo ng dunong
upan ng lumauig at cusang yumabong
magcaroon ng madla na mga suscritor.

Nagtayó rin naman isang capisanan
dito sa Maynila sa nagpapaaral
sa reinong España filipinong tanan
ibig na dumunong lahat ay malaman.

Caya sa dalauang Regidor na tiquís
nangyaring lumagda ng usiguing pilit
tanang filipinos may dunong sa Madrid
magcamit título't condecoraciones.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

At gayon din naman ang catagalugan
cusang natatangi't may ingat na yaman
nagcarón nang uagás bunying catungculan
sa lahat nang poóc nang sangcapuluan.

Saca isinunod na caniyang inusig
yaong pagcucura nang fraileng balauís
sa bayang tagalog sila'y mapaalis
at pauang clérigo ang siyang mapalit.

Dito pinasunod utos sa "Concilio"
"ni Trento" ang tauag at biling totoo
marapat na sundin nang simbahan dito
nang manga castila sa silanganang daco.

At sinabi pa niyang ipinagmatigás
sa lahat nang fraile cun ang caniyang hangad
ay hindi susundin arao'y di lilipas
sila'y pasasacop sa inglés na cagyat.

Caya ang nangyari lumagdá pagcuan
nang isang "escrito't" inihaying tunay
sa Ministrong hayág nang bunying Ultramar
sa reinong España na cabalitaan.

Nguni't bago ito ipinadalang lubós
cay Izquierdong hirang general na bantóg
ay nuhang sanguni't bilang pahintulot
nang huag masinsay sa catouirang puspos.



Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ang escritong ito'y pinaayunan niya
at pinapirmahan bago ipinadala
cay Padre Mendoza (1) Lasa (2) at Sevilla (3)
Danda't (4) del Rosario (5) Guevara't (6) Zamora (7).

Napisang parito sina Desiderio, (8)
Hilario del Pilar, Gainsa't Gimeno (9)
Roxas, (10) Regidor, (11) Ramirez (12) parito
Calderó't (13) Esquivel (14) iba pang totoo.

Gaya ni na Tisca (15) at sina de la Rosa (16)
Acuelle (17) at Agustin (18) pauang nagsipirma
sa escritong yaon cusang pinadala
sa Corte nang Madrid nang caracaraca.

Parang naligalig fraileng calahatan
sa nangyaring itong manḡa caisipan
nitong Burgos natin caya silang tanan
sinilaban nḡani niyaong cagalitan.

---

(1) Si P. Agustin Mendoza, nagcura sa Sta. Cruz sa Maynila. (2) Si P. Miguel Lasa, Prbro. (3) Si Dr. Mariano Sevilla, Prbro. (4) Si P. Pedro Dandan, Prbro. (5) Si P. Vicente del Rosario, Capellan Militar. (6) Si P. José Guevara, cura sa Kiapo. (7) Si P. Jacinto Zamora, Prbro. (8) Si P. Anacleto Desiderio, Prbro. (9) Manḡa castilang obispo. (10) Si D. José Bonifacio Roxas, Alcalde na icalauang halál sa Ayuntamiento. (11) Si D. Antonio Regidor. (12) Si P. Ramón Ramirez, Provisor. (13) Si D. Ramón González Calderón, Concejero sa Administración. (14) Si D. José Gabriel González Esquivel na Naguing-Alcalde na unang halal sa Ayuntamiento. (15) Si D. Javier Tiscar, castila. (16) Si D. José de la Rosa. (17) Si D Juan Antonio Aenlle, amain ni Burgos coronel retirado. (18) D. Gimeno Agustin, Intendente de Hacienda.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Dito na isinumpá nag-isip nang cagyat
na paghigantihán, caya silang lahat
cusang nagpupulong hálos oras-oras
cung anong magaling nang ito'y maampat.

Lalong-lalo na nga fraileng recoleto
at ang dominico siyang gulóng-guló
dito sa nangyaring hindi mamagcano
caya silang tunay ang mausig dito.

Caya niyaong minsang sila ay magjunta
Prior sa convento nang Recoletos baga
sa bayan nang Tanguay na ang ngalang dala
Fray Mariano Gómez dito naquisama.

At gayon din naman ang castilang uldóg
Fray Antonio Rufian órden S. Juan de Dios
ay nacasama rin at silang tíbobos
nangacong gagauang higanti cay Burgos.

Sa pangacong ito dito nangagalac
ang lahat ng fraileng may galit na ingat
sa cay Dr. José at maipahahamac
nang dalauang ito na magcapua oslac.

Hindi na naglicat nang magcahiualay
itong manga fraile na aquing sinaysay
mabuting paraan mapapatay lamang
ang naguing catotong quinagagalitan.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Caya ang na-isip nitong si Fray Gómez
si Miguel Zaldua (1) at ang casing ibig
cusang hinicayat na sulsulang pilit
tanang sa Arcenal jornalerong tiquís.

Upang silang tanang tumutol na cagyat
sa upahang dati cung hindi itaas
at siyang bahala cusang magliligtas
cung ito'y umabot sa di hinahagap.

Sa paquiquinyig nĝa ni Miguel Zaldua
sa aral nang fraile'y cusang inaquit na
tanang jornalero sa Arcenal baga
na sila'y tumutol sa ugaling upa.

Cung sacasacaling ayao na itaas
sila'y manĝag-alsa huag na magulat
sapagca't tutulong ang caual na lahat
sa Maynila't Tanĝuay at pauang casabuat.

Napahinuhod nĝa ang lahat nang jornal
sa mabuting aquit ni Zalduang nasinsáy
caya ang guinaua nitong Fray Rufian
umisip naman siya nang ibang paraan.

---

(1) Hindi *Francisco* gaya nang hula ni Eulogio Julian Tandiama.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Caya ang sumagui sa caniyang acala
sina Montesino't Morquechong daquila
pinaquiusapan na tulungang sadiya
ang lahat nang jornal sa pag-aalsa nga.

Ang dalauang ito ay castilang taal
na capua tenienteng napipiit lamang
sa Castillong sacdal sa bayan nang Tanguay
ngala'y San Felipe lipós cahirapan.

Sa sabing matamis sa dalauang ito
ay hindi tumangui sumagot nang oo
upang sila lamang macalabas dito
sa pagcacapiit doon sa Castillo.

Ang lihim na ito ay hindi nagdaan
arao nang sábado dumating na tunay
nang pagbabayaran sa lahat nang jornal
na nagsisigaua doon sa Arcenal.

Icadalauang puo buan nang Enero
siyang cabilangan nang arao na ito
caya nagsitutol, sinunod ang trato
nang sila'y bayaran sa di nila gusto.

Nang ito'y matanto nang coronel Buttler
bunying Gobernador nang caual na tambing
sa lalauigang Tanguay ay hindi pinansin
reclamo nang jornal na ualang cahambing.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ang caniyang guinaua umaga nang lingo
humingi nang "fuerza" sa General dito
hayág na Izquierdo pagca't natanto nito
ang lahat nang jornal ibig na mangulo.

Naisipang isa pahaliling tunay
nang oras ding ito sa isang capantay
nang coronel Roxas nang di niya camtan
yaong caguluhan naramdamang tunay.

Saca pinaglirip sa sariling isip
magcaroon man siya nang caual na cabig,
cung uala naman siyang escuadra sa tubig
ay uala rin anyang tunay masasapit.

Pagca't ang nangyari guinaua ni Mac-Rohon
contra-almirante sa escuadra noon
tanang cañonero nang panahong yaon
ay pauang dinala sa Isla del Sur (1).

Sucat na natira dito ay iisa
caya't si Buttler nagpumilit baga
ang lupa nang Tanguay iuan muna niya
nang huag nang datnin caguluhang sadya.

Capagdaca naman caniyang cahilingan
ay agad inamin biglang pinayagan

---

(1) Isla del Sur: ang manga pulong cabisayaan at camorohan.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

nang caniyang general Izquierdong marangal
nang umagang yaon na hindi lumiban.

Nguni't bago siya sa Tanguay umalis
sina Montesino't Morquechong nasambit
ay caniyang hiniging dito na mapiit
sa Maynilang Ciudad na sacdal nang diquit.

Cahilingang ito ay di na nahintay
sapagca't guló na ang lahat nang jornal
sa hindi pagpayag sa ibinibigay
dating caupahán, caya binayaan.

Ugali't salita madaling malutas
nang ito'y matanto ni Rufiang dulingás
lalong sinulsulan jornal na alingas
sila'y maghimagsic sa castilang lahat.

Sinabi pa nito huag mag-alaala
sila'y tutulungan tanang caual baga
dito sa Maynila Infantería't Guía
sampuong artillero na ualang pagsala.

At hindi dadaan dugtong na sinambit
ang mamayang gabi mag-aalsang pilit
ang taga Maynila cung inyong maringig
ang putucan doon sumabay na tiquís.

Aco ma'y castila muli pang uinica
nitong si Fray Rufian uldóg na cuhilá,

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

nguni't sa aua co sa inyo ngang paua
dugó co'y naculo sa tanang castila.

Caya sa hatol co cayo ay sumunod
nang cayo'y lumaya na manga tagálog
huag naman cayong magcaroong lubós
niyaong «desconfianza» sa ipinatalós.

Sapagca nga't aco'y catotong mahigpit
ni Burgos nga ninyo at caisang isip
sa nilalayon niya na lubhang mapilit
ang pananarili ay macamtang tiquís.

Caya cun sacali cayo'y mangagdiuang
ay inyong ihiyao si Burgos mabuhay
at ang Filipinas guilio ninyong bayan
España'y mamatay, mamatay na tunay.

Sa «engañong» ito sa hina nang isip
niyaong manga jornal sila ay naquinyig
sa hicayat nitong lalaquing mabait
uala nang inimbot cundi gauang lihis.

Sa madaling tacbo nang panaho't oras
yaong cagabihan sumapit na cagyat
ano't nagcataon parang pinagtiyap
pista sa San Anton (1) guinauang magalac.

---

(1) San Anton ay isang nayon nang bayang Sampaloc (Maynila).

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nagcaroon nang putoc castillo at bomba
cuites saca luces na ualang capara
sa boong magdamag at iba pang sayá
na nacauiuili sa guinauang pista.

Caya nga't maraming tauong nagsidaló
taga ibang pooc na di mamagcano
sa canilang toua sa pistang ganito
na sa cailan man di naquiquita ito.

Baquit nasabay pa ang pistá ng̃ Calmén
na pinagsasayá na ualang cahambing,
fraileng recoleto pauang nahihimpil
sa San Sebastian nḡa pooc na maalio.

Sa sabing matulin itong casayahan
dito sa Maynila nang cusang malaman
jornales sa Tang̃uay paua nang gumalao
hindi naapula nang sino't alin man.

Sapagca't acala nitong nang̃a-aquit
nang fraileng si Rufian putóc na naring̃ig
dito sa Maynila ay paghihimagsic
mang̃a taga rito cay Burgos na cabig.

Ang mang̃a marino sampuong infanteria
mang̃a artillerong nasa sa muralla
na pauang tagalog dito sumunod na
na naquigalao din sa jornal sumama.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Dito si Lamadrid sargentong ilongo
hindi nagpabaya't agad sumaclolo
pinatáy ang púno pauang castellano
ang gradong teniente nilagay na rito.

Sina Montesino at Morquecho naman
lumagay sa lugar sumanib sa caual
caya't pinaghati ang fuerzas na tanan
saca namiyapis nang ualang cabagay.

Caya ang putucan nang cañón at baríl
sa boong magdamag hindi nagtitiguil
natalacsáng bangcay di maipagturing
nang manga castila't tagalog na tambing.

Gobernador Roxas mabuti na lamang
agad nacatacas at hindi napatáy
caya't nacuha pa sa acay na caual
ni coronel Sawa cusang naquipisan.

Sila'y nagsihanay hangang umumaga
sa calle principal niyaong Porto Vaga
na naquiquisagót sa putucan baga
nang naghihimagsic na aquing binadya.

At caracaraca siya'y nagpa-atas
cay Izquierdong hayág ng̃ isang calatas
ang bagay na ito'y ipinatalastas
upang sila doon abuluyang cagyat.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nang ito'y matanto nitong si Izquierdo
sumubó ang galit na di mamagcano
caya capagdaca ang tanang sundalo
dito sa Maynila ay pinasaclolo.

Ang segundo cabong general Espinar
ay siyang umacay sa dinalang caual
pauang voluntario cubano ngang tunay,
ang iba'y castila't tagalog din naman.

Silang calahatan nagsilulang cagyat
sa manga vapores na hindi nagluat
at doon huminto na cusang sumadsad
sa Puerto nang Tanguay na ualang bagabag.

Nang sa Kabite nga sila'y magsidating
general Espinar nag-utos na tambing
na aniya't panhiqui't agad salacayin
ang muog na yaong ualang macahambing.

At ang baua't doo'y inyong maabutan
babaye ma't báta ay pataying tanán
huag paligtasin ang sino't alin man
tungcól filipino naguing cautusán.

Ang utos na ito ay biglang sinunod
nang lahat nang caual na pauang cubanos
caya naman dito ang manga tagalog
cusang nagpaquita nang tapang na impoc.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ang pagpapatayan sabihin pa baga
dugó'y umaagos batis ang capara
bangcay natalacsán sa guitna nang plaza
niyaong Porto Vaga gayong pagbabaca.

Nĝuni't sa dayucdóc at quinamtang puyat
nang manĝa tagalog sa boong magdamag
quinulang nang palad caya't napahamac
sila ay nagapi nang manĝa calamas.

Baquit quinulang pa nang polvora't bala
lalong cailanĝan sa paquiquibaca
caya di mangyaring tumagal pa sila
sa paghihimagsic nilang lahat baga.

Utos ni Espinar dito na sinunód
militar ma't hindi ay cusang tinapos
sargento Lamadrid at si Montesinos
siyang unang unang namatáy na lubós.

Yaong si Morquecho ang quinana naman
nang caniyang maquita na uala nang daan
nirevolver niya caniyang palipisan
sa nasang matapos ang inĝat na búhay.

Dapoua't di nangyaring namatáy na tiquís
cung di nang icatlong arao nang sumapit
siyang pagcatapos nang búhay na quipquip
nitong si Morquecho na aquing sinambit.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Lahat nang naculong na di nacalabás
sa muog nang Tanguay ay pauang nautás
parang hinocoman ang nacacatulad
canilang sinapit gayong paglalamas.

Ang iba'y sa tacot sa dagat nagtalón
nasang mailigtas ang búhay sa langóy
nguni't nahuli rin nang cañonero roon
cusang nagtatanod na ualang caucol

Ang ibang nagtago at hindi gumalao
sa sariling bahay tinacas na tanan
at pinagbabaril yaong iba naman
dito sa Maynila ay dinalang tunay.

Hindi nga nalao't binitay na cagyat
nang icadalauang puo't isa ang saad
nang buang Enero't ualang nacaligtas
ni isa man lamang sa canilang lahat.

Tanang manga presong cusang nagdudusa
doon sa Arcenal di nacalabas baga
sa paghihimagsic ay biglang dinala
cusang dinestierro doon sa Paragua.

Ang fraileng si Rufian na umaquit dito
sa nangapahamac doon sa Castillo
nang magcagulo na'y nagtagong totoo
ang toua'y malaqui na di mamagcano.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Pagca't inacala'y cusang masusunod
ang bumucong nais nang capua balaquiot
fraileng solopicá caisa nang suot
na maipabitay ang ating si Burgos

Caya nang maquita at siya'y matuclás
nang capua castila inalpasang agad
pagca't quinatuiran siya rao'y nalalabas
sa alsahang yaon nang nañgapahamac.

Dito sa Maynila ay hindi nagtagal
sa Reinong España'y omoui pagcuan
sapagca't inisip maca pa macunan
niyaong *declaración* gayong caguluhan.

Sa nangyaring ito ang lahat nang fraile
pauang nañgagalac hindi mapacali
at cusang nilacad lihim sa sarili
si P. Burgos ñga'y cusang ipaputi.

Ugali't salita caguluhang ito
ipagpatuloy co sa mañga marino
na nasa Arcenal nang matanto ito
dito nagsilaban nang di mamagcano.

Halos patay na ñga nagsisilaban pa
sa mañga castilang canilang cabaca
at isinusumpa fraileng lahat baga
hangang ipiniquit yaong mañga matá.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ang ibang nahuli doon sa Arcenal
babaye at bata matanda't hindi man
sa cañonero nga'y pauang isinacay
saca ipiniit na pinarusahan.

Hindi naluata't sa corte nang Madrid
ibinigay alam ang paghihimagsic
nang taga Kabite ni Izquierdong tiquís
general na hayag na sacdal nang lupít.

Sa bunying Ministro ng̃ Guerra't Marina
doon nga dumatal bigay alam niya
caya capagdaca ay sinagót siya
maghalál nang Fiscal taga usig baga.

Dito na inusig at cusang hinusay
nang naturang Fiscal ang tanang nadamay
sa nang̃aghimagsic sa lauigang Tang̃uay
at pinarusahan ang may casalanan.

Binigyang *indulto* iba-naman dito
ualang mang̃a malay sa nangyaring guló
ng̃uni't yaong ibang may salang totoo
lalong nahigpitan sa pagcaca-preso.

Dito na hinuli si Miguel Zaldua
naguing artillero nang panahóng una,
na nang̃ang̃alacal nang talacsang baga
doon sa Kañacaw, sa Udiong ang cuha.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Caya nang piniit siya'y cabubuhat
sa pangangalacal na dati niyang hanap
nasa *lorcha* pa nga nang dacping cagyat
pati nang asauang pinacalililiyag.

Sila'y itinuloy nang caracaraca
doon sa Bilibid na piitang sadiya
na di man quinunan declaración baga
at caagad-agad sila'y pinagdusa.

Yaong diligencia'y cusang itinuloy
nang nasabing Fiscal nahalál nga noon,
upang mapag-usig nangulo sa gayong
manga caguluhan na ualang caucol.

Nang maliuanagan dito lumabas na
sa declaraciones na guinaua nila
ang cusang nangulo sa caguluhan baga
na nangyari noon na ualang capara.

Ang unang lumabas di umano'y *Imperio*
ang nasang itayó tanang filipino,
at ang Emperador na lumabas dito
si D. Joaquin Pardo de Taverang totoo.

Ang manga ministros si Burgos at Basa
Antonio Regidor, Paraiso't iba
dito ay nadamay ualang malay baga
caya nang dinaquip pauang napataca.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nang ito'y matanto manga fraileng lahat
pauang nangaguló ang isip na ingat
caya ang guinaua'y canilang nilacad
upang nang mabago ang sa unang hagap

Dito na nga sila gumaua nang pulong
anila'y mabuti magcontribución
nang ang ating nasang nilalayon-layon
ay cusang matupad sa habang panahón.

Sa pasiyang ito'y pauang nagsi-amin
ni isa'y uala mang tumutol na tambing
caya't nangag-gugol nang lubhang malihim
sambuntong salapi cay Izquierdong saquím.

Ipinagpilitan ang nangulo dito
ang bunying si Burgos sa nangyaring guló
caya ang marapat baguhing totoo
ang sa diligenciang guinaua nang daco.

Caya sa pagdingig at cusang pagtitig
niyong si Izquierdo sa salaping tiquís
yaong diligencia ay binagong pilit
sinunod ang nasa nang fraileng balauis.

Dito na lumabas nang ito'y mabago
caya nangag-alsá manga filipino
sa lalauigang Tanguay ang nasang totoo
maguing República ang lupaing itó.



Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

At cusang nahalál Presidenteng lubós
ang ating marunong na si Dr. Burgos
at ang manga hayag na mga Ministros
ay ang natatalá dito ay casunod.

Si Pardo Tavera siyang sa Estado
sa Hacienda naman ay si Paraiso
si A. Regidor siyang sa Gobierno
si María Basa nama'y siyang sa Fomento.

At si Maurante siyang sa Marina
at si Mauricio siyang sa de Guerra
marami pang iba dito ay nasama
cusang idinamay binigyan nang sala.

Caya nga pagdaca ang lahat nang ito
sa lacás nang cuarta ay pauang napreso
ang abang catuiran nalugmoc na rito
sa abáng candungan nang dusang totoo.

Bucód pa sa rito ay pauang nadamay
sina Padre Lara, Sevilla at Dandan,
Rosario, Guevarra, Hilario del Pilar,
Tuason, Desiderio tagalog na tanán.

Saca sina Sánchez, León at Carrillo,
Enriquez at Serra, Máximo Paterno
ay pauang natapon cusang dinestierro
sa iba't iba ngang bahagui nang Mundo.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Natangi nga lamang sina Padre Burgos,
Gómez at Zamora at si Zalduang puspos
ang hindi natapon at cusang násunod
sa nanga destierrong balót nang himutóc.

Palibhasa disin sa salaping lacás
sa diligencia nga pilit na lumabas
ang apat na ito sa castillong cagyat
sila ay mapasoc na cusang maghirap.

Madali't salita ay hindi nagdaan
yaong isang buan apat na tinuran
sa sadyang *Consejo de Guerra* ang ngalan
sila'y ipinasoc nang pinunong tanán.

Lahat nang matouid ni na Padre Burgos,
Gómez at Zamora ay pauang naayop
nang lacás at bisa nang salaping handóg
niyong manga fraileng asal ay balaquiot.

Ang Consejong ito nang cusang minulán
icadalauang puo't anim yaong bilang
nang buang Febrero hapon yaong lagay
nang panahóng lubós na lubhang mapanglao.

Baquit ang nahalal Presidenteng tiquís
sa gayong Consejo ang sacdal nang lupít
Coronel nang hocbó, ang ngalan at sambit
Francisco Moscoso na ualang cauangis.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001 / Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Fiscal instructor si Manuel Boscasa
Comandante naman catungculan niya
na isa sa manga caututan bagá
nang dila nang fraileng manga palamara.

A las cuatro ngani nang ito'y minulán,
si Padre Burgos nga ang una sa tanán
sacá isinunod si Zamorang hirang
at sacá si Gómez na casamang tunay.

Anopa't ang lahat na manga defensor
ay ualang nagaua sa Consejong yaon
palibhasa disin caalam nang pusóng
na fraileng sucaban caya napagayón.

Pagca't ang lumabás ó hatol na tunay
ang *Pena de Muerte* ang siyang cacamtán
nang apat na ito sa pagcacadamay
na parang namuno sa gulóng nagdaan.

Ang hatol na ito matanto ni Burgos
ay cusang tumugón sa Consejong bantóg
siya'y di papayag sa defensang lubós
nang caniyang defensor sa fraileng caumpóc.

Pagca't aniya siya'y hindi umaamin
na siyang namuno sa bintang na tambing
caya't ang tutol niya sa tanáng casalio
siya'y ualang malay niyaong pagtatacsil.

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN
Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Ang bagay na itó di rin pinaquingán
nang tanáng doroon cay Burgos na saysay
palibhasâ n͠gani sila'y binayaran
niyong mang͠a fraileng higuít sa halimao.

Uala ring nangyari cundi ang maghari
sa canilang dibdib ang masamáng budhi
na maipapatáy si Burgos na bunyi
at pati nang tatló na casamang tan͠gi.

Caya n͠ga't ang hatol n͠g Consejong hirang
apat na may sala alisán nang búhay
dalhin sa Capilla doon ay ilagay
hangáng may panahón macapan͠gumpisál.

Sumunód na arao nang pagca-umaga
ang plaza de armas pinatanuran na
isang regimiento hocbóng infantería
sacá ang escuadrón niyaong caballería.

Caramihang tauo ang síyang casunód
na pauang nagtaglay n͠g muc-hang malungcot
sa pagcacaabá nang palad na capós
niyaong tatlóng paring bibitaying lubós.

Si padre Burgos n͠ga siyang unang una
at si padre Gómez at padre Zamora
pauang ualang malay sa atáng na sala
saca ang dinayang Francisco Zaldua.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ang apat na ito't pauang filipinos
sa bayang tinubua'y maalam umirog
lalong lalo na ng̃a ang daquilang Burgos
na anác na tunay tubo sa Ilocos.

Si padre Zamora tagalog na tunay
at tubong Maynila sa dacong Pandacan
na naguing Rector ng̃a't Cura sa Catedral
niyaong nacaraang panahón at arao.

Si P. Gómez naman ay tauong Sta. Crúz
sacop nang Maynila sa diquít ay puspós
sa lahing mabuti nagbuhat na lubós
ang amá at iná mabuti ang loob.

Sa gremiong Mestizo nang mg̃a Sangleyes
siyang nasasacop cusang natititic
pagca't siya'y ancán nang mang̃a japonés
sa unang daco pa dito'y nagsi-alís.

Nang ito'y mag-aral camusmusang edad
dahil sa naquita sa gayong capahát
mang̃a catalasan nang isip na ing̃at
at bait na tang̃i na ualang catulad.

Caya sa talino at dunong na taglay
siya ay nagpari at nagcurang tunay
saca nag Vicario Foráneo naman
sa bayang Bacoor na sacop ng̃ Tang̃uay.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001 / Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Cahulihulihan nacamtáng tibobos
pagca Examinadór Sinodal na lubós
sa Arzobispado na ualang caayos
mg̃a carunung̃an na caniyang inimpóc.

At siya rin naman naguing sugong tunay
nang mg̃a castila sa cay Luis Parang
cusang naghimagsic niyaong dacong arao
caya siyang mula nang capayapaan.

Tumulong din naman sa mg̃a pag-usig
nang mg̃a tagalog sa córte nang Madrid
ang lahat nang fraile dito'y mapa-alis
siyang naguing dahil caniyang pagcapiit.

Ang naguing sundalong si Miguel Zaldua
taga Camarines Vicol na talagá
cusang naguing quintos na nahulog bagá
sa batallóng hayág niyaong Artilleria

Ito'y nadestino sa lauigang Tang̃uay
naguing asistente nang tenienteng hirang
na si Faustino Villabrilleng tunay
saca nag-asaua sa isang timtiman.

Ang timtimang ito na naguing asaua
ay isang babaye lubós caquilala
nang fraileng si Gómez Recoleto baga
na Prior sa Tang̃uay sa simbahan nila.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Ito't hindi iba siyang humicayat
na masamáng fraile sa magcasing* liyag
na paghimagsiquin jornalerong lahat
doon sa Arsenal cusang napahamac.

Ito'y siyang mula nang pagcacasama
at pagcacadamay nang cauauang Zaldua
na cusang nadaya pati nang asaua
nitong mg̃a fraileng lilo't palamara.

Sa sabi at saad nang mg̃a nagsulit
ang babayeng ito ay cusang napiit
sa cárcel nang dusa ng̃alan ay Bilibid
siya ay napasoc nagtiis nang sáquit.

Bayaang co ito ang ipagtuturing
ang oras nang gabi nang cusang dumating
may isang dalaga na lubhang mahinhing
nag-isip ang tatlo ay cusang agauin.

Ang ng̃ala'y Clarita na sacdál nang gandá
cusang nagmasaquit nagnasang iadyá
si na P. Burgos, Gómez at Zamora
nang gabí ring yaon doon sa Capilla.

Caya ng̃a humanap nang macacatulong
at may anim na puo ang caniyang naipon
pauang sandatahan nang mg̃a talibóng
ang iba'y revolver pistola't remington.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

A las doce ngãni canilang tiapan
ang lahat nang cuartel cusang lolooban
ngũni't di nangyari pagca't piniguilan
nang iláng clérigo cusang nacaalám.

Caya pa ngã ito nang maalamang lubós
nang mgã clérigong nasabi cong puspós
suot lalaqui na sa bay-uang may sucsoc
nang isang magara't mainam na guloc.

Ang bagay na ito dapat ngãng pagmasdán
at tularan sana nang babayeng tanán
mangã filipinang aquing cababayan
marunong umibig sa tinubuang bayan.

Ang bagay na itó ay iiuan co na
at ang sasabihin madaling umaga
nang arao nang sáquit binatbát nang dusa
ang apat ngãng itó bibitaing sadya.

Ito't hindi ibá di dapat limutin
mapanglao na arao na calaguim-laguim
dalauang puo't ualó ang bilang na tambing
nang Febrerong buan sa sabi at turing.

Nang mag á las seis ang lahat ng̃ caual
nang mangã castila cusang pinatahán
sa Santa Lucía ngã at sa Bagumbayan
na pauang barilán at may cañóng tagláy.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Sacá sa muralla nang Fuerza Santiago
ang hocbóng castilang manga artillero
pauang naca-abáng sa maguiguing guló
na nababalita sa panahóng ito.

Nang cusang sumapit á las sieteng oras
yaong bibitayáng binacod na cagyat
nang manga sundalo na dalá't aquibat
nang Segundo Cabo Espinar na hayag.

Bitayáng nasabi itinayóng tunay
doon sa Espaldón pooc na malumbay
at may sampuong metro yaong cataasan
sa lupang tuntungan sa sabi at saysay.

Ang tugtóg nang tambor at mga corneta
dito na minulán na hinipan baga
casabáy ang ayos nang manga música
sa tinig nang marcha ang pagcacabadyá.

Dito na quinuha ang na sa Capilla
apat na taan na na mamatáy bagá,
ang manga sundalo nagbihis de gala
saca nga barilán na may bayonéta.

Casama sa lacad ang mga Cofradía
nang Misericordia na caachbáy bagá
tanang Comunidad nang Religión Santa
nang Poong si Cristong sumacop sa sala.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Si Miguel Zaldua ang una sa lahat
cusang inalacad balót niyaong posas
isang Franciscano at Recoletong cagyat
siyang caagapay na cumacausap.

Sacá ang casunod yaong isang lupong
sari-saring órden nang fraileng pulutóng
dalauang Jesuita na capulong-pulong
ni Padre Zamora na nagcura Rector.

Isang Agustino at Recoleto naman
ang siyang casunód cusang umaacbay
sa cay Padre Gómez na nagcura naman
at Examinador Vicario sa Tanḡuay.

Cahuli-hulihan ay si padre Burgos
na ina-acbayán nang dalauang puspós
na mḡa Jesuitang natauag sa Dios
na nananalanḡin nang lubhang tibobos.

Baua't isa nḡani sa apat na ito
ay binabantayán apat na sundalo
at isang oficial sacá isang cabo
at may mḡa hauac isang crucifijo.

Nang sila'y dumating sa laang bitayán
sila'y inahintó sacá binasahan
nang bunying sentenciang sila'y mamamatay
cusang bibitayin sa salang quinamtan.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Matapos mabasa ang sentenciang titic
ang nadayang Zaldua unang ipinanhic
doon sa bitayán at inaupong tiquís
sacá yaong liig ay cusang inipit.

Si Padre Zamora ang siyang sumunód
si Padre Gómez naman ang icatlong puspós
na cusang tumutol hangang sa matapos
ang hiningang ibig sa mga balaquiot.

Bilang na icapat at huling binitay
ay si Doctor Burgos na di nagulat man
nagturing sa haráp nang caniyang calaban
aniya; *¡Miserables!* cayong fraileng tanán.

Saca nang maupo sa uupang cagyat
tumingin sa langit sa Dios tumauag
*¡Poon co, Iná co, caloloua co'y tangáp
nang camahalan mo't ito'y di co tatap!*

Nang masabi ito panaho'y nagdilím
at parang naglucsa ang langit na tabing
sucat isang sinag sa Arao na ningning
ang siyang tumitig sa apat na MARTIR.

Ang tanang nanood na mga tagalog
pauang lumuluha sa quinamtang lungcót
caya ang iba nga naglucsang tibobos
bilang na pagdamay sa mga natapos.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Nang ito'y mangyari ay nagsi-ouing lahat
yaong mğa fraile masayá't magaláe
baga ma't ang sindác sa dibdib namugad
hindi ini-inó niyaong manga sucáb.

Di naman nalaon ang apat na bangcay
nitong ualang palad ay quinuhang tunay
nang carro fúnebre nang bunying Hospital
ni San Juan de Dios cusang nalalaan.

Saca nğa dinalá tunay inihatid
niyaong sa Hermandad Misericordiang tiquís
sa Pacong libingan cusang nalilibid
nang Caballería't sundalong maquisig.

Hangáng nilalacad nagsunod-sunoran
ang maraming tauo hangang sa libingan
at ualang usapan na bulong-bulongan
cundi ang sa fraile na manga casamán.

Sucat hangáng dito ititiguil co na
itong pag-aauit nang abá cong *Musa*
yamang natanto na guilio cong nanasa
ang abáng sinapit nitong apat baga.

Ang hiling co lamang huag lilimutin
sa cailan pa man ualáng pagmamalio
ng mğa Kapatid abáng mğa MARTIR
sa tinubuang lupa (PATRIANG) guiniguilio.

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

At cung mangyayari atin pang alayan
sa taón-taón nḡa isang capistahan
bilang pa ala-ala sa canilang tanán
touing 28 NḠ FEBRERONG buan.

Para baga naman ating guinagaua
cung cusang nadating arao na mistula
nḡ *pagcacabaril* sa MAPAGPALAYA
nitong FILIPINAS, RIZAL na daquila.

Cung magcacagayón cusang nalalaan
sa mḡa Capatid pag-utusang tunay
acong inyong lingcód, magpacailan man
at HONORIO LÓPEZ ang aquing pangalan.

# Katapusán

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us
Digitized by UNIVERSITY OF MICHIGAN
Original from UNIVERSITY OF MICHIGAN

Generated on 2024-07-08 20:03 GMT / https://hdl.handle.net/2027/miun.apz1125.0001.001
Public Domain in the United States / http://www.hathitrust.org/access_use#pd-us

Digitized by
UNIVERSITY OF MICHIGAN

Original from
UNIVERSITY OF MICHIGAN